

PROLOGUE

Nakaparada sa parking lot ng office building ni Angelia Escueta ang kulay pulang *Toyota Corolla* ng best friend niyang si Nash Linares at nakaupo silang dalawa sa hood ng sasakyan. Alas tres na ng madaling araw, pero ayaw pa niyang paalisin ang binata. Tila ayaw pa rin nitong umalis para pumunta sa sarili nitong opisina dahil alas cuatro pa ng umaga ang simula ng shift ng lalaki.

Malayo sa kanila ang iba pang mga taong nagkukumpulan sa entrance ng building, mga agents na naka-break, nagyoyosi at nagkukuwentuhan. Parang silang dalawa lang ang naroon sa parking lot na naiilawan ng sinag ng buwan.

“Ang ganda ng buwan, ano?” mahinang tanong ni Nash. Mahilig silang dalawa sa full moon. Hindi ba’t noong isang buwan lang, nag-text ang lalaki na nasa Tagaytay raw ito kasama ang mga kabarkada noong high school. Gusto lang nitong sabihin sa kanya na lumabas siya ng bahay at tingnan niya ang full moon.

Tumingala na rin si Lia mula sa pagkakasandal sa balikat ng kaibigan. Kulay silver ang buwan at bilog na bilog iyon. Kahit walang ilaw sa parte ng parking lot kung nasaan sila, maliwanag pa rin ang paligid. Tahimik din na para bang silang dalawa lang ang tao sa buong mundo.

“Nash,” malungkot na simula ni Lia, “bakit pakiramdam ko ito na ’yung last na pagkikita natin?”

“Naku,” sabi ng binata. “Huwag naman. ’Pag ikaw ang may pakiramdam, nagkakatotoo.”

Nagkibit si Lia at inabot ang braso ng binata. “Basta,” sabi niya.

Mabilis ang tibok ng puso niya. Pakiramdam niya ay lalagnatin siya. Nagsusumigaw na ang mga salita na nasa puso niya. Natatakot man siya sa mga susunod na mangyayari, alam niyang iyon na ang panahon para sabihin kay Nash ang nararamdaman niya. Alam niya, mahirap man iyon, mas mahirap iyong itinatago lang niya ang lahat. Mas magiginhawahan siya kapag alam na nito ang damdamin niya para rito.

“Nash?” tawag niya at inalis ng binata ang tingin sa buwan para pagmasdan ang mukha niya. “I was in love with you,” mahina niyang pag-amin.

“Was?” pabulong ding tanong nito. Naramdaman niyang tumungo ito sa kanya pero hindi naman siya makatingin nang derecho sa katabi.

“Anong was?” balik niya.

“You *were* in love with me?” paglilinaw nito. “You mean hindi na?”

Humugot ng malalim na buntong-hininga si Lia. Nanginginig

siya. Humugot siya ng lakas mula rito nang hawakan ng binata ang malamig niyang kamay.

“Okay, I am,” pagwawasto niya sa sarili. “Was,” bawi niya. “Am... was...” She let out a frustrated breath at isinuklay ang mga daliri sa buhok. “I don’t know.”

“Why don’t you start over,” pag-uudyok ni Nash.

Tiningnan niya ang binata, nagsusumamo ang namamasang mga mata. “I am in love with you,” mahina niyang sabi. Nagbuka ng bibig si Nash, pero mabilis na sinundan ni Lia ang mga sinabi niya. “But I don’t want to be which is why I’m fighting it.”

Nagsarang muli ng bibig ang lalaki at kumunot ang noo. “You’re fighting it,” maang nitong ulit. Hindi napansin ng dalaga ang pagsungaw ng hapdi sa mga mata ng kaharap.

Suminghot si Lia bago muling tumingala sa langit para hayaang tuyuin ng hangin ang luha niya. At least the hardest part was over. “Alam mo namang mahal kita, eh. Pero n’ung na-realize ko na I was falling in love with you, I fought it. Pinag-isipan ko kung ano ba ’yung gagawin ko. Kung ano ba ang kaya ko. Ang alam ko, the earlier I tell you, the earlier I can get over you. I don’t want to be in love with you, Nash. I’m fighting it so help me. If you need to stay away from me, then stay away from me.”

Hindi umimik si Nash at hindi alam ni Lia kung gusto ba niya ang katahimikan nito o gusto niyang magsalita ito. Pero hangga’t hindi ito umiimik, hindi rin niya maririnig mula sa

binata na hindi siya nito mahal. Alam na nga niya iyon. Baka hindi niya kayaning marinig mula sa mga labi pa nito mismo na ibang 'love' ang nararamdaman nito para sa kanya. Hindi niya kayang marinig na hanggang friends lang sila.

Nakita niyang lumunok ang binata bago siya nito sinulyapan. "Let me know how it goes," mahina nitong anas.

Iyon lang? Sa dami ng sinabi niya, iyon lang ang reaksyon nito?

"Yun," pagtatapos ni Lia. "Now that I've told you, p'wede na akong magsimulang mag-heal saka makalimot."

Hindi umiimik si Nash at siniko na ito ng dalaga. Nakatingin lang ang lalaki sa langit, sa buwan na saksi sa pag-uusap nilang dalawa, sa paghihirap na sinusolo niya.

"Huy." Siniko niya itong muli.

Mabagal na tumungo si Nash at tiningnan siya sa mga mata. "So, you don't want to be in love with me?"

Marahang umiling si Lia, nagniningning pa rin sa luha ang mga mata.

"What do you want me to do?" bulong ng binata.

"Tulungan mo ako," mahinang sagot niya. "Be my friend. Just my friend."

Maliit ang ngiti ng binata bago tumango. "Okay," sabi nito.

“I’ll be your friend.”

Sira, hindi ’yun ang gusto ko! sigaw ng puso niya pero kung hindi naman iyon ang gusto ng kaibigan, hindi niya kakayaning marinig iyon. Ngumiti na rin siya at nagtuyo ng mga pisngi. Doon lang niya napansing may ilaw ng cellphone sa loob ng sasakyan ni Nash. Inaninag niya iyon at nakitang may kasama pala ito sa kotse habang kausap niya ito.

Babae. May babae sa kotse ni Nash. May babaeng nakaupo sa passenger’s seat na lagi niyang puwesto roon. Muli siyang napatingin sa kaibigan at nadagdagan ng isa pang libong sugat ang puso niyang duguan na.

“Pasok ka na,” utos niya bago tumayo mula sa pagkakaupo sa hood ng sasakyan. “Ingat ka sa biyahe. Saka text ka pagdating mo ng office.”

Parang pagod na pagod si Nash nang gumalaw. Marahan itong tumayo. Pero bago pa nakalayo si Lia, hinablot siya ng binata at niyakap nang mahigpit.

“I do love you, Angel,” bulong nito sa tainga niya. Nang marinig niya iyon, lalo siyang nasaktan imbis na makaramdam ng ginhawa. Dahil ang narinig niya sa sinabi ng binata ay *“I do love you but...”*

Kinagat ni Lia ang mga labi para hindi siya humikbi. “I love you, too.” Bumitiw siya sa binata at nagmamadaling umalis pabalik sa office building nila. Mabuti na lang at siya lang ang

Sa Kanya Pa Rin - Elise Estrella

may pasok sa departamento nila ng ganoong oras kaya walang tao sa silid nila. Walang nakakita sa mga luha niya.

Siya lang at ang buwan...

1

Pagkagising na pagkagising ni Abby nang umagang iyon, sinalubong na siya ng balita. Noong una ay nagulat din siya at di maikakailang nag-alala, pero nang makitang hindi matanggal-tanggal ang mga mata ng mommy niya sa telebisyon para lang kumalap ng update, hindi niya naiwasang makaramdam na ng inis.

Naaksidente si Niles Javier, so what? Hindi naman sinabing patay na ito! Iyan kasi ang napapala ng mahilig sa night life. Kung hindi sana ito inabot ng madaling araw sa kalsada, hindi sana ito naaksidente. Ganoon lang kasimple iyon.

“Naku, nasa ICU daw siya,” narinig niyang sabi ng mommy niya sa kanyang daddy na hawak ang tasa ng kape at tumabi sa asawa para manood na rin. Aba’y wala yatang balak magbukas ng tindahan ang mga ito. Mula kasi nang magretiro sa pagiging mga guro ang mag-asawa ay ang tindahan na sa silong ng bahay ang pinagkaabalahan. At kung dati-rati ay maagang nagbubukas ang dalawa, kakaiba ang umagang ito dahil lamang kay Niles.

Nasa ICU? So what? Kailangan bang tutukan ang bawat update? OA. Umikot ang eyeballs niya.

“Hindi ka ba manonood ng balita?” tanong ng nanay niyang si Angelita.

“Hay naku, ’Ma, wala naman kayong magagawa kahit maghapon kayong maupo diyan sa harapan ng telebisyon. Hindi naman kayo ang doctor na gagamot sa kanya.”

“Ikaw naman,” irap nito, “hindi ka man lang magpakita ng concern. Parang hindi mo kababata iyong tao.”

Hindi niya nakakalimutang kababata niya si Niles. Hindi niya rin nakakalimutang isa na itong sikat na personalidad sa bansa. Ito ang vocalist ng banda na kinababaliwan ngayon ng kabataang Pinoy—ang *DASH*.

Ang tanong—naaalala pa kaya siya nito?

She smirked. Of course not. Ang ibang taong sumisikat—aba’y biglang nagkaka-amnesia.

“Ma, ano’ng ulam?” tanong ng kapatid niyang si Frank na lumabas galing kusina.

“Initin mo na lang sa microwave iyong tira kagabi at nang may maulam kayo ng ate mo. Tama na itong pandesal sa amin.”

Gustong masapo ni Abby ang noo. Ang kanyang mapagalangang nanay, biglang naging pabaya ngayong umaga. And whose fault was that? Ang magaling na si Niles.

Iminuwestra niya sa kapatid na bumalik sa kusina at sumunod siya.

“Kawawa naman si Kuya Niles, ‘no?’” ani Francis.

“Kelan mo pa naging kuya iyon? Bata ka pa noong nagpunta sila ng Maynila, hindi naman kayo nagkaroon ng pagkakataong maging close.”

“Naku, si Ate, nainggit na naman. Palibhasa hindi ka niya binibigyan ng pasalubong kapag nagbabakasyon siya rito. Kita mo 'to?” indika nito sa sapatos na suot. “Bigay niya sa akin ito last year.”

“Ba't ako maiinggit? May pambili ako ng sarili kong sapatos, 'oy.”

“Oo. Pero mula nang sumikat si Kuya Niles ay hindi na kayo tulad ng dati. Mas close pa kami ngayon. Tsk, tiyak ako na naman ang tatanungin ng lahat ng classmates ko sa nangyari. Naku, gagamitin ko iyong pabangong galing kay Kuya Niles; sigurado kasing maraming chicks ang makikipag-usap sa akin.”

“Eww, feel na feel mo naman. Mahiya ka nga! Huwag kang mag-pretend na close kayo porque binibigyan ka niya ng pasalubong.”

“Hay naku, Ate, aminin mo na. Hindi maganda ang gising mo dahil nag-aalala ka rin. Nagsusungit ka lang sa akin dahil paraan mo ito ng pantanggal stress.”

“Ang wild ng imagination mo. Para kang manunulat ng nobela,” aniya.

“Aminin mo na kasi, crush na crush mo na noon pa man si

Kuya Niles.”

Well... that was true. Pero hindi yata siya aamin dito!

“Hoy, musmos ka pa lamang noong ’andito sina Niles. Wala kang alam! Utusan ko lang iyon noon! Crush ka diyan! Baka siya ang may crush sa akin!” Kumuha siya ng pandesal mula sa papel na supot. “Nakakawalang-gana ka namang kumain.” Lumabas na siya ng kusina.

Maaga na lang siyang magtatrabaho at doon na sa clinic kakain. Nakakarindi sa tainga ang mga kasambahay niya.

Ang ipinagtataka niya, hanggang ngayon ay hindi pa tumatawag ang best friend niyang si Lyka. Sa lahat ng die-hard fans ni Niles, ito na ang *pinaka* die-hard.

Talo nito ang mga teenagers. Kulang na lang ay magpabuntis na ito sa nobyo at nang magkaanak para mapangalanan ng ‘Niles’. Babae man daw o lalaki.

Ang pinakapangarap nito sa buhay ay ang presensya ng mang-aawit sa araw ng kasal nito. Gaganapin iyon sa susunod na taon kapag nakauwi na mula Dubai ang boyfriend nito.

Ilang beses siyang kinukulit ni Lyka na ipakilala ito kay Niles at gagawin daw nito ang lahat para mapapayag ang lalaking kumanta sa araw ng kasal nito.

Napapailing na lang si Abby sa tuwing ipinapaliwanag sa kaibigan na kahit dati silang magkakilala ng binata, hindi

madaling gawin ang ipinapagawa nito.

Muli siyang napakunot-noo.

Talaga namang nakapagtataka. Ano kaya ang ginagawa ni Lyka? Baka ngumangawa at hindi siya magawang i-text man lang.

Nang lumabas siya ng bahay para magtungo ng trabaho, hindi niya maiwasang mapasulyap sa katapat na bahay.

Doon lumaki si Niles, kaya hindi maiwasang noong mga bata pa sila ay naging malapit sila. Malapit na magkaibigan, minsan malapit na magkaaway.

Napangiti siya at nagsimulang maglakad.

“Narinig mo na ba ang nangyari?” tanong ng kaibigan at kababata nilang si Chloe nang mapadaan siya sa tindahan nito.

Ano ang akala sa kanya ng mga ito—bingi? “Oo,” matipid na sagot niya at kahit paano ay nagawang ngumiti nang malungkot. “Sana gumaling kaagad.”

“Naku,” singit ni Aling Miriam na bumibili ng mantika, “ang sabi sa news ay malala daw talaga. Baka hindi na raw ito makalakad uli.”

“Ay, ‘sus!” Nag-sign of the cross si Chloe. “Huwag naman po sana. Ang saklap n’un. Huwag kang mag-alala, Abby. Minsan talagang exaggerated ang mga balita.”

Gusto niyang mapapikit. Bakit siya mag-aalala? Tumango

na lamang siya at nagpatuloy sa paglalakad.

“Sayang talaga, ano?” narinig pa niyang sabi ni Aling Miriam nang makatalikod na siya. Ni hindi man lang hinintay na makalayo siya. “Akala ko pa naman noon ay magkakatuluyan ang dalawang iyan.”

My gosh! Umikot ang kanyang eyeballs. Hanggang ngayon ba ay hindi pa rin natatapos ang ganoong paniniwala ng mga kapitbahay nila?

Lahat ay nagsasabi noon na magkakatuluyan sila ni Niles balang araw. Madalas nagiging sentro sila ng tuksuhan. Sa katunayan, maging ang mga magulang nila ay ‘Balae’ na ang tawag sa isa’t isa.

Hindi nila ito pinansin. For them, they were just close friends. At nang nagbibinata at nagdadalaga na sila, they remained the same.

Hanggang sa isang araw ay nilapitan siya ng isang classmate at nagpabigay ng love letter para sa kaibigan niya.

She felt a jolt inside her. She soon realized it was jealousy. Matagal na panahon na naging malapit silang magkaibigan ni Niles. Sila ang laging magkasama. And when somebody else showed affection toward him—she felt threatened.

Matagal na niyang akala na malalim na pagkakaibigan lang ang namamagitan sa kanilang dalawa. Hindi na niya maalala

kung kailan nagsimulang magbago ang damdamin niya. Basta nagising na lang siya isang araw na may attraction na para sa binata. She began to notice his smile and his playful eyes. She even said to herself that Niles looked more appealing whenever he wore anything blue.

When she finally admitted to herself na attracted siya sa kababata—wala naman siyang mapagsabihan tungkol doon. Dahil ang pinakamalapit niyang kaibigan noon ay si Niles mismo.

So she decided to keep everything to herself. Natuto siyang makipag-flirt sa iba para walang makasuspetsa sa tunay niyang nararamdaman. Sinasadya niyang mag-confide kay Niles ng tungkol sa mga crushes niya. At nagbibigay rin siya ng advice dito tungkol sa mga balak nitong ligawan.

At hanggang sa tuluyang makaalis ang pamilya nito, she had managed to keep her true feelings a secret.

Napabuntong-hininga si Abby na patuloy na naglalakad papunta sa sakayan ng jeep. Mabuti na lang, madali siyang naka-get over sa feelings niya kay Niles.

Ows? anang isang bahagi ng isipan. *Shut up!* sabi naman ng isa pa.

She suddenly remembered how devastated she was nang malaman noon ang balak ng pamilya Javier na lumipat sa Maynila para roon ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga anak. Ang tanging konsolasyon niya noon ay ang paniniwalang palagi sigurong

magbabakasyon ang mga ito rito sa Baguio.

At iyon nga ang nangyari noong una. Kapag semestral break, nagbabakasyon ang mga ito. Christmas ay doon din ipinagdiriwang ng mga Javier. Kapag bakasyon ay nandiyan uli si Niles.

Hanggang dumating ang isang semestral break na wala ang lalaki at tanging mga magulang lang nito at dalawang kapatid ang umakyat ng Baguio. Nasundan pa iyon ng ilang bakasyon na laging wala si Niles. Abala raw kasi ito sa pagbabanda.

Sa mga panahong hindi na nagagawang sumama ni Niles, hindi na sila nagkaroon ng pagkakataong magkausap. Ang totoo niyan, sinasadya niyang huwag magpakita. Nakakailang na kasi. Ang katuwiran niya, may sari-sarili na silang mga buhay.

And then four years ago, finally ay natupad ang pangarap ni Niles na makilala ang banda nito. At ngayon, saan mang sulok ng Pilipinas ay kilalang-kilala na ang banda na pinangungunahan ng lalaki.

“Kawawa naman ang mahal ko.” Inabutan niyang mangiyakngiyak ang assistant niyang si Bee habang inaayos nito ang na-sterilize na mga gamit nila.

Bilang dentista, mayroong pribadong klinika si Abby sa central business district ng siyudad.

“Sino?” natigilang tanong niya dahil sa pagkakaalam niya ay walang boyfriend ang kanyang assistant.

“Si Niles Javier. Kumusta na kaya siya? Nagkamalay na kaya? Baka hinahanap na niya ako,” madramang sabi pa nito.

“Hoy, sinasaniban ka ba? Gusto mo turukan kita ng anaesthesia?” Pinandilatan niya ito. *Hanggang dito ba naman!*

“Sus, palibhasa puro mga country music ang pinapakinggan mo kaya hindi mo kilala si Niles Javier at hindi mo alam kung gaano siya kadakila.”

Gusto sana niyang itama ito at sabihing lahat ng kanta ng *DASH* ay nasa *iPod* niya, pero hindi na siya nagsayang ng laway.

Ang hindi niya maintindihan, paano naging dakila si Niles dahil lang sa pagkanta?

“Hay naku, oo nga’t magaling kumanta. Ubod naman ng pagka-playboy. Paano mo magugustahan iyon?”

“Mga tsismis lang iyong na-li-link sa kanyang mga babae,” pagtatanggol pa ni Bee. “At normal lang naman na maraming magkagusto sa kanya, di ba? Pero hanggang pangarap lang ang mga iyon dahil ako ang hinihintay niya.” Humagikgik ang dalaga.

Umikot ang eyeballs ni Abby. “May feedback na ba mula kay Dr. Zapanta?” tanong niya na lamang sa assistant. Ang tinutukoy niya ay ang kapwa dentista na noong nakaraang buwan ay

Bakit Di Totohanin - Mari Calingayan

kasama niyang nagpapalano ng dental mission sa limang barangay sa lungsod. Kaso kinansela ito dahil nagkulang ang financial assistance at sasabihan na lamang daw siya kapag may update na.

“Gan’un pa din ang sabi,” anito. “Maghahanap pa daw siya ng ibang sponsors. Tatawagan ka na lang daw niya.”

Napailing lang siya. Excited pa naman siya sa dental mission na ito. Ang sabi kasi sa kanya noong una ay hindi lang bunot ng ngipin at basic service ang ibibigay nila, pati rin mga pustiso at braces para roon sa mga nangangailangan talaga at walang pambayad.

She loved her job and so proud of what she was doing. At naniniwala siyang ang dental health ay isa sa mga dapat ay pinagtutuunan ng pansin. Ang hirap kasi sa mga Pilipino, marami na ang sanay na bungal ang ngipin. Kahit sa lansangan at maging sa telebisyon, normal lang na nakakakita ng bungal. Ang isang sanhi nito ay kawalan ng kakayahang pinansyal para ipaayos ang mga ngipin nila.

Kaya naman gustung-gusto niyang makapag-organize ng sarili niyang dental mission nang sa gayon ay maibahagi rin nila ang kaalaman sa tamang pag-aalaga ng mga ngipin.

It was like a breath of fresh air nang makita niya si Rob na sumilip sa pintuan ng clinic nang hapong iyon.

Biyernes nga pala at araw ng paglabas nila ng lalaki. Dentista rin ito at may sariling clinic sa katabing building.

Hindi niya ito boyfriend, pero regular silang nagdate. Parang mutual understanding na hindi nila kailangang magligawan, they both knew they like each other, ngunit pareho pang hindi handa sa mas malalim na relasyon. Mas magaan nga naman kapag ganito ang pagkakaintindihan nila. They were free to look around, pero bilang respeto na rin sa isa't isa, hindi nila ginagawa. It was a good thing na pareho sila ng paniniwala. This was what she wanted, walang komplikasyon.

“Hindi ba kapitbahay mo dati si Niles Javier?” anang lalaki nang hinihintay na nila ang order sa pinasukang restaurant.

Gustong mahilo ni Abby. Akala niya ay ligtas na siya kay Niles, pero heto at parang aninong nakasunod pa rin hanggang sa date nila ni Rob.

“Oo. Pero matagal na iyon. Ni hindi ko nga nakikita iyong tao kapag bumibisita.”

“Ang sama naman ng nangyari sa kanya.”

“Mga wala kasing disiplina sa sarili. Ano ba'ng nakukuha nila sa paglabas-labas ng gabi? Aksidente.”

Mabuti na lang mabilis na dumating ang kanilang drinks. Kaagad siyang nagkomento na masarap ang timpla ng iced tea sa restaurant na iyon. Nagtagumpay naman siyang maisara ang topic kay Niles at napunta sa pagkain ang usapan nila.

Bakit Di Totohanin - Mari Calingayan

Nasa bahay NILA si Lyka nang umuwi si Abby. Lukot na lukot ang mukha nito.

“I feel so guilty,” anito nang dumerecho sila sa kuwarto niya para roon magkuwentuhan. “Late akong nagising kaya’t ako yata ang pinakahuling nakaalam sa balita.”

“Nagtaka nga ako nang wala ka man lang tawag,” natatawang sabi niya.

“Nang malaman ko, nakatutok na ako sa TV. Mabuti na lang stable na daw ang kalagayan niya.”

“Gan’un kabilis naging stable?” aniya.

“Oo. Pero ang masaklap, matatagalan daw bago siya makalakad nang normal dahil nadale nga ang paa. Naku, ano kaya’ng mangyayari sa concert nila next month? Alangan namang magwi-wheelchair siya.”

Napangiti siya nang ma-imagine ang binata sa ganoong scenario.

“Meron ka bang contact number ng kahit sinong kapamilya niya? Magboboluntaryo akong mag-alaga. Kahit libre.”

Inirapan niya ang kaibigan. “Pulis ka, hindi nurse. Nababaliw ka na talaga.”